



Republic of the Philippines
Department of Education
CARAGA REGION

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS UNIT, REGIONAL OFFICE-CARAGA
RELEASED
BY: [Signature]

Digitally
signed by
Releasing

Date:
2026.09.02
09:41:12
+0800

02 Sept 2026

REGIONAL MEMORANDUM

No. 0874 , s. 2026

To: Schools Division Superintendents
All Others Concerned

DISSEMINATION OF INFORMATION ON THE 35TH NATIONAL
CONFERENCE OF HISTORY STUDENTS

1. The UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS) will conduct the 35th National Conference of History Students entitled "Handuraw: Pagsasakaysayan ng Alaala at Paggunita," on November 10-11, 2026, at the UP School of Statistics Auditorium, University of the Philippines Diliman, Quezon City. (See attached communication for details). The conference aims to deepen participants' understanding of the history of memory and commemoration in the Philippines and to promote critical discussions on the relationship between memory, history, and historical truth.1.

2. At the discretion of the Schools Division Superintendents (SDSs), Schools Division Offices (SDOs), schools, school heads, teachers, and learners may participate in the activity in support of initiatives that promote historical consciousness, critical thinking, and appreciation of Filipino culture and heritage, subject to existing DepEd policies, the availability of funds, and the non-disruption of classes and other official school functions.

3. For inquiries and other concerns, interested SDOs and schools may directly coordinate with UP LIKAS through the following contact details:

UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS)

Email Address: uplikas@gmail.com

4. Immediate dissemination of this Memorandum is desired.

Digitally
signed by

Farnazo

Allan

Gabriel

Date:

2026.09.01

15:28:48

+0800

ALLAN G. FARNAZO

Director IV

LAC/ RM- Dissemination of Information On the 35th National...
13848/August 26, 2026



Address: J.P. Rosales Avenue, Butuan City
Trunkline No: (085) 225-1151
Telefax No: (085) 342-5959
Email: caraga@depd.gov.ph
Website: caraga.depd.gov.ph





UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

Ang UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS)

Ang U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS) ay isang akademikong organisasyon na muling itinatag noong 1988 na nag-aadhikang mapagbuklod ang mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa, may hilig at interes sa kasaysayan; mapalawak at mapalaganap ang kaalaman at kamalayang pangkasaysayan; mapaunlad ang disiplina ng kasaysayan; at higit sa lahat, mapaglingkuran ang mga mag-aaral ng pamantasan at sambayanang Pilipino sa pamamagitan ng “isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan” at pagpupunyagi para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo ng Inang Bayan, bansa at sambayanan.

Nadalumat ng U.P. LIKAS ang mga adhikaing ito sa pagtunton sa sariling kasaysayan nito — kasaysayang hindi nagsisimula noong 1988 lamang kundi nag-uugat sa mga naunang organisasyong pangkasaysayan sa Unibersidad ng Pilipinas (U.P.). Noon pa man, may mga itinatag nang organisasyon ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa, may hilig at interes sa kasaysayan gaya ng U.P. History Club (1912-Dekada '30); Clio Recognition Society (Dekada '30-'60); U.P. History Club (Dekada '60) at Clio (1970). Naging abala ang mga organisasyong ito sa pagtataguyod ng mga gawaing akademiko na tulad ng lakbay-aral, panggrupong talakayan, lektura-panayam, seminar, simposyum at marami pang iba.

Sa paglaganap ng kamalayang makabayan sa “panahon ng sigwa,” unang itinatag ang U.P. LIKAS noong 1971. Sa pamumuno ni Michael Gonzales, unang Pangulo ng U.P. LIKAS, naging hitik sa pakikilahok ang organisasyon sa mga isyu't usaping panlipunan upang maitaguyod ang panlipunang katwiran at kaunlaran. Subalit nang pairalin ang Batas Militar noong 1972, kabilang ang U.P. LIKAS sa mga ipinagbawal na organisasyong sa U.P. Magkaganito man, bagamat maikling panahon lamang namayagpag ang unang U.P. LIKAS, naging makabuluhan naman ang naging paglahok nito sa samu't saring pagkilos para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo.

Noong 1973, nang pinahintulutan na muli ang pagkakaroon ng mga samahan sa U.P. sa kondisyong hindi ito “subersibo,” isa ang U.P. LIKAS sa pinayagang maitatag muli. Isinakatuparan ang pagbubuong muli ng organisasyon sa pamamagitan ng masigasig na kolektibong pamunuan na kinatawan ni Nilo Ocampo. Muling sumabak ang organisasyon sa pagsasagawa ng mga makabuluhang gawain. Sa mga unang taon nito, binigyang-diin ang mga gawaing akademiko. Naging tunguhin ng organisasyon ang pagaambag sa kaalaman at kamalayang pangkasaysayan. Nagtaguyod ang organisasyon ng iba't ibang talakayan at simposyum. Naglabas din ito ng opisyal na pahayagan na pinangalananang ang Likas. At higit sa lahat, naglathala ito ng natatanging dyornal pangkasaysayan, ang LIKAS, noong Disyembre 1976 na alay kay William Vincent “Billy” Acuña Begg, bayaning Likasyan na “nagbubo ng dugo para sa isang maaliwalas na kasaysayan ng sambayanan.”

“Tungo sa isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan”



UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

Sa mga tagumpay na ito, hindi nangahulugang nalimita ang organisasyon sa mga isyu't usaping akademiko. Patuloy ang masigasig na pakikilahok ng organisasyon sa mga pagkilos para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo. Itinanghal ang kalayaang akademiko at kapangyarihan ng mag-aaral, kabilang ang U.P. LIKAS sa mga nakipaglaban para maibalik ang University Student Council (USC). Naging masigasig din ang organisasyon sa mga pagkilos laban sa mga mapaniil na patakaran ng pamahalaan sa ilalim ng Batas Militar. Sa muling paglaho ng organisasyon noong 1980 dahil sa kawalan ng kasapiyan at pamunuan, ilan sa mga kasapi nito ang aktibo sa kilusang makabayan at sandatahang pakikibaka. Bagamat mayroon pa ring ilang grupong bumuo ng mga organisasyon ng mga mag-aaral sa kasaysayan tulad ng U.P. History Society (HistSoc) noong 1981-1986, masasabing hindi ito nagkaroon ng malawak at malalim na pananaw pangkasaysayan.

Marahil itinakdang magkaroon ng organisasyong pangkasaysayan ang mga mag-aaral ng U.P. sa panahon ng pag-unlad ng "bagong kasaysayan," kung kaya't noong Ikalawang Semestre ng Akademikong Taon 1987-1988, sa pangunguna nina Myra Angeli Gallardo at Elsie Ramos, muling binuhay ang U.P. LIKAS. Sa pamamagitan ng 14 na katao na nagsilbing lupong ad hoc, itinatag ang U.P. LIKAS sa U.P. Faculty Center 2016. Si Ferdinand Llanes ang hinirang na unang Tagapangulo ng muling itinatag na organisasyon. Inilunsad ang organisasyon noong 13 Enero 1988. Kabilang sa mga unang kasapi sina Daisy Apolonio, Patricia Aquino, Enrico Azicate, Ferdinand Conel, Jose Antonio Custodio, Myra Angeli Gallardo, Ferdinand Llanes, Khadija Rosarita Mamorno, Roberto Mata, Patricia Mercado, Pamela Portugal, Rowena Quinto, Elsie Ramos at Ma. Cecilia Samonte. Naging unang Gurong Tagapayo sina Dante Ambrosio at Nilo Ocampo. Pagkatapos ng paglulunsad, pagpursige na ang organisasyon na "pumusisyon sa hanay ng mga mag-aaral at sa buong pamantasan bilang isang organisasyong may mabisang kakayahan na makibahagi sa pagtatadhana ng kabuuang hugis ng kolektibong pamumuhay at galaw sa pamantasan." Kumilos ito tungo sa ikatataguyod ng dakilang adhikaing mapaglingkuran ang mga mag-aaral ng pamantasan at sambayanang Pilipino sa diwa ng panlipunang pagbabago at pagbubuo.

Malayo na rin ang narating ng U.P. LIKAS matapos ang humigit na dalawampung taon mula nang muling itatag ito. Naging matapat at matatag ang organisasyon sa mga adhikain nito na makikita sa mga naging gawain nito sa nakalipas na mga taon. Nagdaos ang organisasyon ng mga exhibit, lakbay-aral, pagpapalabas-pelikula, panggrupong talakayan, lekturapanayam, seminar, simposium at palihan. Nakipagbuklod din ang U.P. LIKAS sa iba't ibang institusyon na gaya ng U.P. Departamento ng Kasaysayan, College of Social Sciences and Philosophy (CSSP) at buong U.P. na makikita sa paglahok ng U.P. LIKAS sa Linggo ng Kasaysayan, Kapistahang Asyano, CSSP Organizations Fair (OrgFair), CSSP Week, Lantern Parade, at Alternative Classroom Learning Experience (ACLE).

"Tungo sa isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan"



UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

Maraming kasapi na rin ang naging bahagi ng at nanguna sa University Student Council (USC), CSSP Student Council, at ang opisyal na sulat-balitaang pangmag-aaral ng CSSP na SINAG. Patuloy ring nagiging aktibo ang LIKAS bilang bahagi ng Buklod CSSP, UP Alyansa ng mga Mag-aaral para sa Panlipunang Katwiran at Kaunlaran (ALYANSA); gayundin sa CSSP Academic Circle (AcadCircle). Nakikipag-ugnayan rin ang LIKAS sa mga kapwa organisasyong pangkasaysayan bilang tagapagtatag ng Alyansa ng mga pang-Kasaysayang Organisasyong Pang-mag-aaral sa Pilipinas (ANGKOPP) at kasapi ng Local Historical Committees Network (LHCN).

Nakipagbuklod din ang organisasyon sa iba pang pampamantasan at pambansang institusyon at organisasyon tulad ng U.P. Lupon sa Sentenaryo, U.P. Office for Initiatives in Culture and the Arts (OICA), Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan ng Pilipinas (ADHIKA ng Pilipinas), Bagong Kasaysayan/Bahay-Saliksikan sa Kasaysayan (BAKAS), Kaisahan para sa Kamalayan sa Kasaysayan (KAMALAYSAYAN), National Historical Institute (NHI) at National Commission for Culture and the Arts (NCCA).

Nagtaguyod din ang U.P. LIKAS ng mga gawaing sibiko gaya ng pakikipagtulungan sa Gawad Kalinga at programang "Gib Lab" na naglalayong paligayahin at paglingkuran ang mga kapus-palad lalo na tuwing Kapaskuhan.

Naglathala na rin ang organisasyon ng mga aklat na kinabibilangan ng Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan (1992) na pinamatnugutan nina Ma. Bernadette Abrera at Dedina Lapar at Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan (1998) na pinamatnugutan naman nina Atoy Navarro at Raymund Arthur Abejo. Noong Enero 2008, inilathala ang Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan na pinamatnugutan nina Atoy Navarro, Alvin Campomanes at John Lee Candelaria. Noong Agosto 2012 naman inilunsad ang Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo na pinamatnugutan nina Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin, at Adonis Elumbre.

Higit sa lahat, nagtaguyod na ang U.P. LIKAS ng mga malawakang pambansang kumperensya na dinaluhan ng mga mag-aaral ng kasaysayan mula sa iba't ibang paaralan, kolehiyo at pamantasan sa iba't ibang panig ng Pilipinas bukod pa sa paglahok ang organisasyon sa samu't saring makabayang pagkilos ng kabataan at sambayanang Pilipino para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo ng Inang Bayan, bansa at sambayanan. Tunay na masasabing patuloy na umuunlad ang U.P. LIKAS "tungo sa isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan."

"Tungo sa isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan"



UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

Ika-35 Pambansang Kumperensiya ng Mga Mag-aaral ng Kasaysayan

Handuraw: Pagsasakasaysayan sa Alaala at Paggunita

Ika-10 at 11 ng Nobyembre 2026 | UP School of Statistics Auditorium

DALOY NG PROGRAMA*

UNANG ARAW <i>Ika-10 ng Nobyembre, 2026</i>	
SESYON SA UMAGA	
7:30 n.u. - 8:30 n.u.	Pagpapatala
SEREMONYA NG PAGBUBUKAS	
8:30 n.u. - 9:30 n.u.	Pambansang Awit
	Panimulang Mensahe mula sa Dekana ng Kolehiyo Prop. Ruth R. Lusterio-Rico, Ph.D. Dekano, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya Unibersidad ng Pilipinas Diliman
	Mensahe mula sa Tagapangulo ng Departamento Kaw. Prop. Ruel V. Pagunsan, Ph.D. Tagapangulo, UP Departamento ng Kasaysayan
	Mensahe mula sa Gurong Tagapayo ng U.P. Lipunang Pangkasaysayan Kat. Prop. Janet S. Reguindin-Estella Gurong Tagapayo, UP Lipunang Pangkasaysayan
	Paglalahad ng Layunin ng Kumperensiya Bb. Adriana Marie P. Duenas Tagapangulo, UP Lipunang Pangkasaysayan
	Pagpapalawig ng Tema G. John Matthew Bryan S. Cabiles Direktor ng Lupon ng Edukasyon at Pananaliksik, UP Lipunang Pangkasaysayan



UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

8:30 n.u. - 9:30 n.u.	Pagtatanghal Kultural
9:30 n.u. - 9:50 n.u.	Meryenda/Paghahanda para sa Pagsisimula
9:50 n.u. - 10:30 n.u.	SUSING PANANALITA Kat. Prop. John Lee Candelaria, Ph.D. Hiroshima University
PANEL 1: MGA BAGONG PAG-UNLAD SA PAG-AARAL NG ALAALA	
10:30 n.u. - 11:00 n.u.	The vernacular as method for memory and time: A philological and cultural exploration of Filipino concepts for Memory Studies Kaw. Prop. Jocelyn S. Martin Ateneo de Manila University Department of English
11:00 n.u - 11:30 n.u.	Mga Panandang Pangkasaysayan sa Pilipinas, 1933-2010: Alaala at Institusyon Aljon I. Concillado National Historical Commission of the Philippines
11:30 n.u. - 12:00 n.h.	Memorialization through the Philippine Registry of Heritage Jeanne Therese L. Maling National Commission for Culture and the Arts
12:00 n.u. - 12:30 n.h.	MALAYANG TALAKAYAN
12:30 n.h. - 1:30 n.h.	Tanghalian
SESYON SA HAPON	
1:30 n.h. - 2:10 n.h.	PANGUNAHING TAGAPAGSALITA: Remembering World War II in the Philippines Professor Emeritus Ricardo T. Jose, Ph.D. UP Departamento ng Kasaysayan
2:10 n.h. - 2:40 n.h.	MALAYANG TALAKAYAN
PANEL 2: ANG PAGKABAYANI SA ATING ALAALA	
2:40 n.h. - 3:10 n.h.	Juan Luna as nationalist painter and hero: examining configurations of public memory in the Philippines. Kat. Prop. Grace Liza Y. Concepcion, Ph.D. UP Departamento ng Kasaysayan



UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

3:10 n.h. - 3:40 n.h.	War Memory and the Struggle for Justice: A Story of the Malaya Lolas Atty. Ma. Hazel Joy Faco Malaya Lolas Volunteer Network
3:40 n.h. - 4:10 n.h.	Ninoy Aquino in Marcos Apologia: Murder, Conspiracy, and the Writing of History Kat. Prop. Larah Vinda B. del Mundo UP Departamento ng Kasaysayan
4:10 n.h. - 4:40 n.h.	MALAYANG TALAKAYAN
4:40 n.h. - 5:00 n.h.	Pansamantalang Pagsasara ng Kumperensiya Bb. Nicole Santos Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panloob, UP Lipunang Pangkasaysayan

IKALAWANG ARAW <i>Ika-11 ng Nobyembre, 2026</i>	
SESYON SA UMAGA	
7:00 n.u. - 7:30 n.u.	Pagpapatala
MULING PAGBUBUKAS NG KUMPERENSIYA	
7:30 n.u - 8:10 n.u.	PANGUNAHING TAGAPAGSALITA: Comparison on People Power Monument and Democracy Monument in Thailand Prop. Gil F. Turingan, Ph.D. University of Warsaw
8:10 n.u. - 8:40 n.u.	MALAYANG TALAKAYAN
PANEL 3: PAGGUNITA SA MGA POOK-PAMANA	
8:40 n.h. - 9:10 n.u.	Bridging History: Zapote Bridge during the 1896 Revolution and the Philippine-American War Brent Julian Kyle S. Are O.B. Montessori Center
9:10 n.h. - 9:40 n.u.	Remembering Camp O'Donnell: From Shared Memories to Public History in the Philippines Prop. Arnel E. Joven, Ph.D. University of Asia and the Pacific



UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

9:40 n.h. - 10:10 n.h.	Manipulated Memories, Controlled Spaces: Memorial Sites and the Complexities of Marcosian Historical Distortion Prop. Kerby C. Alvarez, Ph.D. UP Departamento ng Kasaysayan
10:10 n.h. - 10:40 n.h.	MALAYANG TALAKAYAN
10:40 n.u. - 10:50 n.u.	Meryenda
PANEL 4: PAG-ALALA SA MGA PAGSUBOK AT PAGHIHIRAP	
10:50 n.u. - 11:20 n.u.	Memorialization and Narratives on the Filipino Women's Suffrage Movement Veronica C. Alporha University of Hawai'i at Mānoa
11:20 n.u. - 11:50 n.u.	Misrecognition and Historical Forgetting: The Case of San Mateo, Rizal During the Philippine-American War, 1899-1901 Kat. Prop. Herald Ian C. Guiwa Unibersidad ng Pilipinas Los Banos
11:50 n.u. - 12:20 n.h.	Memorializing Marcos-Era Massacres Against Filipino Muslims Kaw. Prop. Jay Rome O. de Los Santos Mindanao State University
12:20 n.h. - 12:50 n.h.	MALAYANG TALAKAYAN
12:50 n.h. - 1:50 n.h.	Tanghalian
PANEL 5: PAMANA NG MGA NASA BATAYANG SEKTOR	
1:50 n.h. - 2:20 n.h.	Honoring the Life and Struggle of Macli-ing Dulag Kaw. Prop. Roderick C. Javar, Ph.D. Unibersidad ng Pilipinas Los Baños
2:20 n.u. - 2:50 n.h.	Memory and Heroism of Salud Algabre Prop. Nestor T. Castro, Ph.D. Unibersidad ng Pilipinas Diliman
2:50 n.h. - 3:20 n.h.	Remembering Flor Contemplacion Kat. Prop. Aaron Abel T. Mallari Unibersidad ng Pilipinas Diliman
3:20 n.u. - 3:50 n.h.	MALAYANG TALAKAYAN



UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

SESYON SA HAPON

PANEL 6: MGA ALAALA SA MGA SINUPAN

3:50 n.h. - 4:20 n.h.	The Quincentennial Commemorations in the National Memory Project Kat. Prop. Ian Christopher Alfonso, Ph.D. UP Departamento ng Kasaysayan
4:20 n.h. - 4:50 n.h.	The University Archives and Memory in the Philippines Prop. Francis M. Navarro, Ph.D. Director, University Archives Ateneo de Manila University
4:50 n.h. - 5:20 n.h.	MALAYANG TALAKAYAN
5:10 n.h. - 5:20 n.h.	Panapos na Pananalita Bb. Natasha Alex O. Pujalte Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas, UP Lipunang Pangkasaysayan

**Maaari pang magbago ang ilang detalye sa mga tagapagsalita sa Ika-35 na Pambansang Kumperensiya ng Mga Mag-aaral ng Kasaysayan.*



UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

Ika-35 Pambansang Kumperensiya ng UP Lipunang Pangkasaysayan

Handuraw: Pagsasakasaysayan ng Alaala at Paggunita

Ika-10 at 11 ng Nobyembre 2026 | UP School of Statistics Auditorium

KONSEPTONG PAPEL

Bilang isa sa patuloy na aktibong pangmag-aaral na organisasyong pangkasaysayan sa Unibersidad ng Pilipinas, layon ng UP Lipunang Pangkasaysayan (LIKAS) ang patuloy na pagsusulong ng isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan. Isa sa mga pangunahing aktibidades ng organisasyon ang taunang Pambansang Kumperensiya ng mga Mag-aaral ng Kasaysayan kung saan nagtatagpo at nagtatalastasan ang mga historyador at mag-aaral ng kasaysayan sa dalawang araw na akademikong talakayan at panayam. Noong 2025, matagumpay na inilunsad ang Pambansang Kumperensiya na may temang *Tarong: Batas at Hustisya sa Kasaysayang Pilipino* na nagtampok ang kasaysayang legal ng Pilipinas mula noong panahon ng mga mananakop hanggang sa mga kasalukuyang hamong kinaharap ng sambayanan.

Ngayong taon, inihahandog ng UP LIKAS ang **ika-35 na Pambansang Kumperensiya** na pinamagatang **Handuraw: Pagsasakasaysayan ng Alaala at Paggunita**. Ang *Handuraw* ay salitang Cebuano at Hiligaynon para sa gunita o balik-tanaw. Sa gitna ng matinding disimpormasyon at pagbabaluktot ng kasaysayan upang itaguyod ang mga naratibo kung saan ang mga nasa kapangyarihan ang nakikinabang, mahalagang matuklasan kung paano nabuo ang mga maling akala sa lente ng paggunita. Sapagkat iba-iba ang mga alaala ng bawat tao sa nakaraan na nag-iimpluwensya sa kani-kanilang mga pananaw sa nakaraan. Gayundin, ang mga alaala ay maaaring manipulahin ng estado o mga *elite* sa sirkulasyon ng mga partikular na bersyon ng nakaraan na hindi nakaangkla sa makatotohanang impormasyon, at sa halip ay nakabatay lamang sa emosyon o damdamin dulot ng kakulangan o pagtatago ng mga batis. Samakatuwid, lumilitaw ang diskurso ukol sa kung paano dapat gunitain ang ating kasaysayan, at kung paano naaapektuhan ang ating alaala bilang sambayanang Pilipino.

Samakatuwid, titingnan ng kumperensiyang ito kung paano inaalala at ginugunita ng iba't ibang sektor sa lipunan ang mga kaganapan sa kasaysayang Pilipino. Para makamit ito, tatalakayin ng tema ang mga salik na humuhubog sa kung paano tinatasa ang parchong indibidwal at kolektibong alaala, at ang kabuuang pagsusuri sa paggunita ng nakaraan sa larangan ng mga makasaysayang tao, lugar, at kaganapan. Titingnan ang mga pagbabago sa mga pananaw sa nakaraan at mga pamamaraan para gunitain ito, at suriin ang kalayuan o kalapitan ng mga kasalukuyang alaala sa katotohanan.



UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

Sa dalawang araw ng kumperensiya, hahatiin sa pang-umaga at panghapon ang bawat sesyon kada araw. Sa umagang sesyon ng unang araw, ibubuod ang mga bagong pag-unlad, pamamaraan, at perspektibo sa isang siyentipiko at akademikong pag-aaral ng alaala at gunita. Dadako naman sa mas tiyak na talakayan ukol sa paggunita ng mga makasaysayang tao na itinuturing bilang mga bayani sa kasalukuyan, at titignan kung paano nabuo ang ating pagtingala sa kanila. Sa umagang sesyon ng ikalawang araw, tatalakayin ang mga espasyo bilang pook pamana—mga idiniklerang makasaysayang lugar, bantayog, o monumento—upang siyasatin kung para kanino talaga ang mga lugar na ito. Kasunod nito, pag-uusapan ang pag-alaala sa mga pagsubok at pagpupunyagi ng sambayanan upang mapanatili ang kanilang karapatan at pagkatao sa mga mapang-api, partikular ang mga makasaysayang hamon noong ika-20 na siglo. Susundan ng sesyon na ipagpapatuloy ang talakayan sa mga makasaysayang tao upang mas bigyang-pokus ang mga personalidad na mula sa batayang sektor, tulad ng mga katutubo, pesante, *overseas Filipino workers (OFWs)*, at kababaihan. At para sa huling panghapon na sesyon, sisiyasatin kung paano ang mga sinupan ay nagsilbing sisidlan ng kolektibong alaala ng lipunang Pilipino.

Sa gayon, ang Pambansang Kumperensiya ay magsisilbing espasyo para maipahayag ng mga dalubhasa ang mga etikal, kritikal sa kontekstong pamamaraan ng pag-aalala at paggunita ng kasaysayan upang mabigyan sila ng plataporma upang siyasatin ang mga ikinalat na salaysay ukol sa nakaraan. Layunin ng organisasyon na higit na makintal ang kamalayang pangkasaysayan ng mga mag-aaral, guro, at may hilig sa kasaysayan, kaya titiyakin ang kalidad ng diskusyon sa bawat sandali ng kumperensiya. Panghuli, nais ng organisasyon na higit na mahikayat ang mga tao na mag-aral ng mas masinsinan ang kalakaran ng paggunita sa kasaysayan. Ito ay para mamulat sila kung para kanino at sino ang makikinabang sa mga ikinalat na salaysay, isinagawang komemorasyon, at ginanap na pagbalik-tanaw.

ENTITY PROFILE/GENERAL INFORMATION SHEET

1. Name of Company/Association/Institution/Organization:	
UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS)	
2. Office Address:	
Palma Hall, Roxas Avenue, University of the Philippines-Diliman, Quezon City	
3. Contact Person/s:	4. Designation/Position:
Adriana Marie P. Dueñas Natashia Alex O. Pujalte	Tagapangulo Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas
a. Contact No/s.:	b. Mobile Phone No/s.:
0916 223 8375 0917 640 8303	0916 223 8375 0917 640 8303
5. Email Address/es:	uplikas@gmail.com or uplikasexternals@gmail.com
6. URL/Website:	N/A
7. Social Media Account/s: (Facebook, Twitter, among others)	http://www.facebook.com/uplikas ; http://www.x.com/uplikas ; http://www.instagram.com/uplikas
8. Nature of the Company/Association/Institution/Organization (Narrative Description):	
UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS) is an academic organization of students based in the University of the Philippines-Diliman that promotes critical thinking in the study of history as well as greater awareness of Filipino culture and society.	
9. Mission:	
The primary goal of the organization is to forward a critical and a more meaningful and relevant study of history.	
10. Vision:	
As an academic organization, it aims to spearhead lecture series, conferences, seminar-workshops, symposiums, and all other related academic gatherings. It is our commitment to bring the organization to a higher sense of scholarly involvement that shall embody the organization's principle to promote historical consciousness not only to the U.P. community but also to the Filipino people.	
11. Accreditation/Certificates/Permits (Enclosed copy/ies):	
☐ Certificate of Accreditation from the Philippine Regulation Commission (PRC) ☐ Civil Service Commission (CSC) Institute Accreditation Certificate ☒ Certificate of Permit from the Dean or Head of Student Affairs Office ☐ Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB)	☐ Securities and Exchange Commission (SEC) Registration ☐ Department of Trade and Industry (DTI) Business Certificate ☐ Republic Act (RA) Number and Content if government agency/institution
Learning and Development Plan for the Participants Continuous Programs, Activities and Projects (PAPs) (See enclosed format)	

ANNEX 3

UP Lipunang Pangkasayayan (UP LIKAS)

LEARNING AND DEVELOPMENT PLAN FOR THE PARTICIPANTS CONTINUOUS PROGRAMS, ACTIVITIES AND PROJECTS

Implementation Plan (Schedule)	Title of the Activity*	Objective	Target Participants	Target Date	Proposed/Tentative Venue
UPD A.Y. 2021-2022	1. Ika-30 Pam bansang Kumperensiya (Economic History of the Philippines)	Provide discussions on the economic history of the Philippines, its development, and the contribution of Filipino livelihood to it through the years.	Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians	23, 30 October 2021 6 November 2021	Online (via Zoom)
	2. KAKASA KA BA?	Provide a platform for Junior High School Students to show their skill and knowledge regarding history	Junior High School Students, NCR	March 2022	Online (via Zoom)
	3. Alternative Classroom Learning Experience	Provide a discussion on the different roles of Filipina women during the Japanese Occupation.	UP Students	8 April 2022	Online (via Zoom)
UPD A.Y. 2022-2023	1. Alternative Classroom Learning Experience	Provide a discussion on the history of historical distortion in Philippine films.	UP Students	26 August 2022	Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman
	2. Ika-31 Pam bansang Kumperensiya (Philippine Urban History)	Provide discussions on Philippine urban history and discuss the ramifications it has had to our present context.	Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians	22, 29 October, 5 November 2022	Online (via Zoom) / NISMED Auditorium, UP Diliman

	3. KAKASA KA BA?	Provide a platform for Junior and Senior High School Students to show their skill and knowledge regarding history	Junior High School Students and Senior High School Students, NCR	March 2023	Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman
	1. Ika-32 Pam bansang Kumperensiya (Legacy and Challenges of Philippine Nationalism)	Provide wider knowledge and understanding towards the history of nationalism in the country and its present realities in the 21st century	Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians	19-20 October 2023	NISMED Auditorium, UP Diliman
UPD A.Y. 2023-2024	2. Alternative Classroom Learning Experience	Provide a different but effective method in teaching history to UP Students	UP Students	26 April 2024	PH 400, Palma Hall, UP Diliman
	3. KAKASA KA BA?	Provide a platform for Junior and Senior High School Students to show their skill and knowledge regarding history	Junior High School Students and Senior High School Students, Luzon	11 May 2024	PH 400, Palma Hall, UP Diliman
UPD A.Y. 2024-2025	1. Ika-33 Pam bansang Kumperensiya (History of Diaspora)	Provide discussions on Philippine historiography, and the various concepts and methods that have developed in the discipline	Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians	November 2024	Online (via Zoom) / Statistics Auditorium, UP Diliman
	2. KAKASA KA BA?	Provide a platform for Junior High School Students to show their skill and knowledge regarding history	Junior High School Students, NCR	March 30, 2025	UP Integrated School, UP Diliman
	3. Alternative Classroom Learning Experience	Provide a discussion on the history of women's suffrage to UP Students.	UP Students	April 30, 2025	Student Union Building, UP Diliman

UPD A.Y. 2025-2026	1. Ika-34 Pambeansang Kumperensiya (Philippine Legal History)	Provide discussions on Philippine legal history, and the various concepts and methods that have developed in the discipline.	Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians	December 2025	Statistics Auditorium, UP Diliman
	2. KAKASA KA BA?	Provide a platform for Junior High School Students to show their skill and knowledge regarding history.	Junior High School Students, NCR	April 2026	UP Diliman
	3. Alternative Classroom Learning Experience	Provide a discussion on a specific theme or event in history to UP Students.	UP Students	February 2026	UP Diliman
UPD A.Y. 2026-2027	1. Ika-35 Pambeansang Kumperensiya (Memory Studies and History)	Provide wider knowledge and understanding of the history of memory and commemoration in the Philippines.	Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians	November 2026	Statistics Auditorium, UP Diliman
	2. KAKASA KA BA?	Provide a platform for Junior and Senior High School Students to show their skill and knowledge regarding history.	Junior and Senior High School Students, NCR	March 2027	UP Diliman
	3. Alternative Classroom Learning Experience	Provide a discussion on a specific theme or event in history to UP Students.	UP Students	April 2027	UP Diliman

TRAINING PROGRAM PROPOSAL TEMPLATE

(Proponent: U.P. Lipunang Pangkasaysayan)

Title of the Training: *Handuraw: Pagsasakasaysayan ng Alaala at Paggunita (Handuraw: Historicizing Memory and Remembrance)*

Proposed Date and Venue:
November 10-11, 2026 ; UP Statistics Auditorium

Rationale and General Description of the Activity:

This 2026, U.P. Lipunang Pangkasaysayan will hold its 35th National Conference of History Students. Throughout the years, the Committee on Education and Research has continually made the event an achievement and served as a venue for all undergraduate history students from all over the country to gather.

This year, U.P. LIKAS's 35th National Conference is entitled ***“Handuraw: Pagsasakasaysayan ng Alaala at Paggunita”*** and will be held on the 10th-11th of November 2026 at the UP STATISTICS AUDITORIUM, University of the Philippines-Diliman, Quezon City, 8:00 AM – 5:00 PM.

The aim of this year's conference is to provide wider knowledge and understanding of the history of memory and commemoration in the Philippines. The 2-day conference seeks to examine how individuals and communities remember, preserve, and reinterpret the nation's past, and how these processes shape historical consciousness and collective identity.

Specific Objectives of the Activity:

The conference aims to:

- a) To examine the factors that shape individual and collective memory and how these influence the understanding, interpretation, and remembrance of Philippine history.
- b) To explore and critically examine the various ways historical figures, places, and events are remembered, including through monuments, heritage sites, commemorations, and archives, and how these practices shape narratives about the past.
- c) To critically interrogate dominant narratives and representations of the past, particularly how memory may be shaped by the state, elites, and other sectors, and to examine who benefits from these narratives and commemorative practices.
- d) To deepen the historical consciousness and critical thinking of students, educators, researchers, and history enthusiasts by providing a space for rigorous, ethical, and contextualized discussions on the remembrance and commemoration of Philippine history.

Target Participants: College students, High school students, High school teachers and educators, College professors, Researchers, History students and enthusiasts

No. of Expected Participants: 250-350 participants

No. of Classes to be Organized: 20 sessions

Funding Source: UPD OICA Grant and Organizational Fund

Registration Fee: Php 850 for 2-day attendance, Php 750 pesos for 1-day attendance

Key Content and Methodologies:

Title of the Session/Context	Objective	Key Learning Points	Methodology	Duration	Resource Person
Ang Pag-aaral ng Alaala sa Kasaysayan ng Pilipinas	To introduce the study of memory as a framework for understanding Philippine history and historiography.	Learn how memory can serve as a framework for studying Philippine history and understand the relationship between memory and historiography.	Lecture	40 minutes	Asst. Prof. John Lee Candelaria, Ph.D.
The vernacular as method for memory and time: A philological and cultural exploration of Filipino concepts for Memory Studies	To examine Filipino vernacular concepts as tools for understanding how memory and experiences of time are culturally constructed.	Learn how language shapes memory and perceptions of time; explore Filipino concepts of remembrance; and apply vernacular approaches to Memory Studies.	Lecture	30 minutes	Assoc. Prof. Jocelyn S. Martin
Mga Panandang Pangkasaysayan sa Pilipinas, 1933-2010: Alaala at Institusyon	To examine how historical markers institutionalize particular memories of the Philippine past.	Learn how historical markers shape public memory; examine the role of institutions in commemorating the past; and recognize how official markers influence historical narratives.	Lecture	30 minutes	Mr. Aljon I. Concillado
Memorialization through the Philippine Registry of Heritage	To investigate how heritage registration contributes to the preservation and institutionalization of historical memory.	Learn how heritage registration contributes to memorialization ; understand the role of cultural institutions in preserving memory; and examine how official recognition	Lecture	30 minutes	Ms. Jeanne Therese L. Maling

		shapes historical significance.			
Remembering World War II in the Philippines	To explore how World War II is remembered and represented in Philippine society.	Learn how wartime experiences are remembered; identify competing narratives of World War II; and examine the role of commemoration in shaping collective memory.	Lecture	40 minutes	Prof. Emeritus Ricardo T. Jose, Ph.D.
Juan Luna as nationalist painter and hero: examining configurations of public memory in the Philippines	To examine how Juan Luna's image as an artist, nationalist, and hero has been constructed and sustained in public memory.	Learn how historical figures become national heroes; examine the relationship between art, nationalism, and public memory; and analyze how representations of Juan Luna have changed over time.	Lecture	30 minutes	Asst. Prof. Grace Liza Y. Concepcion, Ph.D.
War Memory and the Struggle for Justice: A Story of the Malaya Lolas	To examine how survivors of wartime sexual violence preserve and mobilize memory in their pursuit of recognition and justice.	Learn how trauma and memory intersect; understand gendered experiences of war and remembrance; and examine how memory can become a means of seeking justice and recognition.	Lecture	30 minutes	Atty. Ma. Hazel Joy Faco
Ninoy Aquino in Marcos Apologia: Murder, Conspiracy, and the Writing of History	To analyze how Ninoy Aquino's assassination and historical significance are reframed within Marcos-aligned narratives.	Learn how political actors reshape historical narratives; identify mechanisms of historical revisionism; and examine the relationship	Lecture	30 minutes	Asst. Prof. Larah Vinda B. Del Mundo

		between memory, power, and political discourse.			
Comparison on People Power Monument and Democracy Monument in Thailand	To compare how monuments in the Philippines and Thailand represent and shape memories of democratic struggles.	Learn how monuments construct political memory; compare commemorative practices across countries; and examine how democratic struggles are represented in public spaces.	Lecture	40 minutes	Prof. Gil F. Turingan, Ph.D.
Bridging History: Zapote Bridge during the 1896 Revolution and the Philippine-American War	To examine how Zapote Bridge functions as a historical site connecting memories of two significant periods of armed struggle.	Learn how historical sites accumulate layers of memory; examine the relationship between place and historical remembrance; and understand how sites can connect different periods of the past.	Lecture	30 minutes	Mr. Brent Julian Kyle S. Are
Remembering Camp O'Donnell: From Shared Memories to Public History in the Philippines	To explore how memories of Camp O'Donnell have developed from personal and communal recollections into public historical narratives.	Learn how personal and shared memories become public history; examine the role of communities in preserving wartime memory; and understand how private recollections can shape broader historical narratives.	Lecture	30 minutes	Prof. Arnel E. Joven, Ph.D.
Manipulated Memories, Controlled Spaces: Memorial Sites	To investigate how memorial spaces can be used to shape, suppress, or manipulate	Learn how memorial spaces influence historical consciousness; identify ways	Lecture	30 minutes	Prof. Kerby C. Alvarez, Ph.D.

and the Complexities of Marcosian Historical Distortion	public understandings of the Marcos era.	memory can be manipulated; and examine the relationship between space, political power, and historical distortion.			
Memorialization and Narratives on the Filipino Women's Suffrage	To examine how the history of women's suffrage is remembered and represented through commemorative narratives.	Learn how gender shapes historical remembrance; examine how women's contributions are memorialized; and identify narratives that may exclude or diminish women's roles in history.	Lecture	30 minutes	Ms. Veronica C. Alphorha
Misrecognition and Historical Forgetting: The Case of San Mateo, Rizal During the Philippine-American War, 1899–1901	To investigate how historical events in San Mateo have been forgotten, misrepresented, or excluded from dominant historical narratives.	Learn how historical forgetting occurs; examine the role of local memory in recovering overlooked histories; and understand how marginalized experiences can challenge dominant narratives.	Lecture	30 minutes	Asst. Prof. Herald Ian C. Guiwa
Memorializing Marcos-Era Massacres Against Filipino Muslims	To examine efforts to preserve and commemorate the memory of massacres against Filipino Muslim communities during the Marcos era.	Learn how marginalized communities preserve memories of violence; examine the relationship between memorialization and justice; and understand the importance of recognizing Muslim Filipino histories.	Lecture	30 minutes	Assoc. Prof. Jay Rome O. de Los Santos
Honoring the Life and Struggle of	To explore how the life and resistance of Macli-ing Dulag	Learn how Indigenous figures are represented in	Lecture	30 minutes	Assoc. Prof. Roderick C. Javar, Ph.D.

Macli-ing Dulag	have been remembered and memorialized.	historical memory; examine the relationship between memory and resistance; and understand the role of commemoration in preserving Indigenous histories.			
Memory and Heroism of Salud Algabre	To examine how Salud Algabre's contributions and role in the Philippine revolutionary struggle have been remembered and constructed as heroic.	Learn how women's contributions to revolutionary history are remembered; examine the construction of historical heroism; and recognize the role of marginalized figures in national history.	Lecture	30 minutes	Prof. Nestor T. Castro, Ph.D.
Remembering Flor Contemplacion	To examine how Flor Contemplacion's life, execution, and death have been remembered within Philippine society and public discourse.	Learn how individual experiences can become part of national memory; examine the intersections of gender, migration, and remembrance; and understand how public grief shapes historical narratives.	Lecture	30 minutes	Asst. Prof. Aaron Abel T. Mallari
The Quincentennial Commemorations in the National Memory Project	To examine how the 2021 Quincentennial Commemorations contributed to the construction and negotiation of Philippine national memory.	Learn how national commemorations shape collective identity; examine competing interpretations of historical events; and understand how the state and communities participate in	Lecture	30 minutes	Asst. Prof. Ian Christopher Alfonso, Ph.D.

		constructing national memory.			
The University Archives and Memory in the Philippines	To examine the role of university archives in preserving, producing, and shaping institutional and collective memory.	Learn how archives preserve institutional and collective memory; understand how archival collections shape historical narratives; and recognize the silences and gaps that can influence our understanding of the past.	Lecture	30 minutes	Prof. Francis M. Navarro, Ph.D.

Management Structure:

Role	Name	Terms of Reference
Program Manager	Adriana Marie Dueñas	Tagapangulo
Training Manager	John Matthew Bryan Cabiles	Direktor sa Edukasyon at Pananaliksik
Class Manager	Natashia Alex Pujalte	Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas
Logistics Officer	Tatiana Antonina Andres	Direktor sa Dokumentasyon at Aklatan
Finance Officer	Christian Angelo Tania	Direktor sa Pananalapi at Lohistika
Welfare Officer	Mark Lemuel Pabalan	Direktor sa Pangkasapiang Usapin
Quality Assurance Officer	Nicole Santos	Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panloob
Documenters	Jaira Marie Maniaul	Direktor sa Dokumentasyon at Aklatan / Direktor sa Publikasyon at Pamamahayag
Secretariat/Administrative Support	Natashia Alex Pujalte	Kalihim para sa Usaping Panlabas

Resource Package:

- Trainers' Kit: Souvenir program, ID, Certificate
- Training Materials: Notepad, pen
- Readings for Participants: N/A
- Other support materials

Note: This should be enclosed per activity



UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

PAMUNUAN

Taong Akademiko 2026–2027

KALIHIMAN

ADRIANA MARIE P. DUEÑAS
Tagapangulo

NATASHIA ALEX O. PUJALTE
Pangalawang Tagapangulo
para sa Usaping Panlabas

NICOLE M. SANTOS
Pangalawang Tagapangulo
para sa Usaping Panloob

MGA DIREKTOR

TATIANA ANTONINA D. ANDRES
Komite ng Dokumentasyon at
Aklatan

JOHN MATTHEW BRYAN S. CABILES
Komite ng Edukasyon at
Pananaliksik

CHRISTIAN ANGELO L. TANIA
Komite ng Pananalapi at
Lohistika

MARK LEMUEL D. PABALAN
Komite ng Pangkasapiang
Usapin

JAIRA MARIE "JAM" F. MANIAUL
Komite ng Pamamahayag
at Publikasyon

JANET S. REGUINDIN-ESTELLA, Ph.D.
KERBY C. ALVAREZ, Ph.D.
Mga Gurong Tagapayo

EMAIL: uplikas@gmail.com
FACEBOOK: facebook.com/uplikas/
X (FORMERLY TWITTER):
x.com/uplikas
INSTAGRAM: instagram.com/uplikas
WEBSITE: uplikas.wixsite.com/uplikas
CONTACT NUMBER: +639162238375

10 August 2026

Greetings!

UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS) is an academic organization of students in the University of the Philippines-Diliman that promotes a critical and more relevant study of history as well as awareness of Filipino culture and society through different activities.

One of the major endeavors of our organization is the annual National Conference of History Students. Last year, UP LIKAS successfully held its conference entitled "**Tarong: Batas at Hustisya sa Kasaysayang Pilipino.**" The conference explored the legal systems in the country and the development of the concept of justice. The two-day conference discussed the legal history of the Philippines, from its beginnings to the present, and how the understanding of justice as well as the legal systems in the country changed during the different periods.

This year, UP LIKAS will be holding its **35th National Conference** entitled "**Handuraw: Pagsasakasaysayan ng Alaala at Paggunita**" and will be held on the **10th to 11th of November 2026** at the **UP School of Statistics Auditorium, University of the Philippines Diliman, Quezon City, 8:00 AM – 5:00 PM.** The aim of this year's conference is to provide wider knowledge and understanding of the history of memory and commemoration in the Philippines. It seeks to examine how individuals and communities remember, preserve, and reinterpret the nation's past, and how these processes shape historical consciousness and collective identity. By exploring how historical figures, places, and events are remembered across different sectors of society, the conference aims to encourage critical discussion of the relationship between memory, history, and historical truth. **We are expecting around three hundred (300) delegates at this year's conference.**

In this regard, we **humbly invite your office to take part in our activity** wherein we aspire to gather over 300 hundred high school and college students and teachers all over the country. **We would also like to seek support from your office in conducting this activity through the issuance of a DepEd accreditation and regional memorandum.** If possible, we would also like to request, for the **benefit of the teachers and students** who are interested in this conference, **that their expenses be placed under the schools' respective training and development fees.** With your support, we could achieve our vision of promoting critical thinking in the field of history.

The registration fee for the 2-day conference is 850 pesos. Attached to this e-mail is a formal letter of request for endorsement and the release of an advisory, as well as the necessary supporting documents pertaining to the event. Should you have any inquiries,

"Tungo sa isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan"



UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

PAMUNUAN

Taong Akademiko 2026–2027

KALIHIMAN

ADRIANA MARIE P. DUEÑAS
Tagapangulo

NATASHIA ALEX O. PUJALTE
Pangalawang Tagapangulo
para sa Usaping Panlabas

NICOLE M. SANTOS
Pangalawang Tagapangulo
para sa Usaping Panloob

MGA DIREKTOR

TATIANA ANTONINA D. ANDRES
Komite ng Dokumentasyon at
Aklatan

JOHN MATTHEW BRYAN S. CABILES
Komite ng Edukasyon at
Pananaliksik

CHRISTIAN ANGELO L. TANIA
Komite ng Pananalapi at
Lohistika

MARK LEMUEL D. PABALAN
Komite ng Pangkasapiang
Usapin

JAIRA MARIE "JAM" F. MANIAUL
Komite ng Pamamahayag
at Publikasyon

JANET S. REGUINDIN-ESTELLA, Ph.D.
KERBY C. ALVAREZ, Ph.D.
Mga Gurong Tagapayo


EMAIL: uplikas@gmail.com
FACEBOOK: facebook.com/uplikas/
X (FORMERLY TWITTER):
x.com/uplikas
INSTAGRAM: instagram.com/uplikas
WEBSITE: uplikas.wixsite.com/uplikas
CONTACT NUMBER: +639162238375

you may contact the undersigned through e-mail at uplikas@gmail.com and we will gladly discuss these matters with you personally.

With your support, we could achieve our vision of promoting critical thinking in the field of history by collaborating with your advocacy.

We look forward to your most affirmative response no later than **October 5, 2026**. Thank you very much!

Respectfully,


Natashia Alex O. Pujalte
Vice President for External Affairs
0917 640 8303


Adriana Marie P. Dueñas
President
0916 223 8375

Noted By:


Asst. Prof. Janet S. Reguindin-Estella, Ph.D.
Faculty Adviser

"Tungo sa isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan"



CERTIFICATE OF ACCREDITATION

IS PRESENTED TO

UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS)

For being duly recognized as an **accredited student organization**
under the College of Social Sciences and Philosophy for
Academic Year 2025-2026.

Given this 17th day of November, 2025.

Asst. Prof. Aaron F. Viernes

Coordinator

CSSP Office of Student Affairs

Prof. Ruth R. Lusterio-Rico, Ph.D.

Dean

College of Social Sciences and Philosophy



UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES DILIMAN
OFFICE OF THE VICE CHANCELLOR FOR STUDENT AFFAIRS



University of the Philippines Diliman

Office of the Vice Chancellor for Student Affairs

Office of Student Projects and Activities

Certificate of Registration

This certificate is to certify that

UP Lipunang Pangkasaysayan

has successfully complied with all the requirements prescribed by Office of Student Projects and Activities (OSPA),
and is hereby recognized as a UNIVERSITY-WIDE ORGANIZATION
of the University of the Philippines Diliman for the Academic Year 2025–2026.

This Certificate of Registration shall remain valid until the end of the organization registration period for
Academic Year 2026–2027, unless earlier revoked or suspended in accordance with university rules and policies.

Issued this 28th of October 2025 at the Student Union Building, University of the Philippines, Quezon City.

ASST. PROF. JAY-ARM. IGNO

Coordinator, Office of the Student Projects and Activities